


## IV. Proseso ng Pag-aaplay Para Manirahan sa Bansang Hapon, Kasal at Diborsiyo

### IV- 1 Pag paparehistro ng mga Dayuhan

Para sa mga dayuhang dumating sa bansang Hapon o kaya'y mga dayuhang dito ipinanganak ay tungkulin o obligasyon, ayon sa batas, na magparehistro para sa Alien Registration. Matapos magpatala nito ay mabibigyan ng sertipiko (Certificate of Alien Registration) at ang sertipikong ito ay magagamit bilang inyong pagkakakilanlan o identification card. Para sa mga taong na may edadna 16 na taong gulang pataas, nararapat na palagiang dalhin ang card na ito at kung sakaling kinakailangang ipakita ito sa kinauukulan ay huwag mag atubiling ipakita ito. Subalit, sa loob ng tatlong taon simula ng taong 2009, ang proseso ng pagpaparehistro ng mga dayuhan ay babaguhin. Para sa mga karagdagang impormasyon at higit na kaalaman ay mangyari lamang na kumunsulta sa Immigration Bureau. ( Pahina ng Apendise IX-1 69)

#### 1. Pamamaraan sa Unang Pagpaparehistro



Kung ang mga kundisyong nakasad sa ibaba ay tumutugma sa iyo, kinakailangang magparehistro bilang dayuhan (Alien Registration) sa munisipyong inyong kinabibilangan.


- ① Ang bansang kinabibilangan o ang nasyonalidad ay hindi Hapon;
- ② Mananatili sa bansang Hapon ng mahigit sa 90 araw.




Kung magsisilang ng sanggol na hindi Hapon ang nasyonalidad, nararapat lamang na mag-aplay para sa Alien Registration Certificate sa loob ng 60 araw matapos ipanganak ito. Kailangan ang dalawang litrato sa pag-aaplay (4.5cmx3.5cm) kasamang ipapakita ang pasaporte (hindi na kailangan ng litrato ang mga 16 taong gulang pababa). Gagamitin ang sertipikong ito dito sa bansang Hapon upang magpatunay ng iyong tirahan atbp. Maaaring makatulong din ito tulad ng pag-aasikaso ng iba't-ibang papeles o pagpasok sa anumang kasunduan o kontrata. Ayon sa batas, obligasyon ng isang dayuhan ang magparehistro kung kinakailangan.

#### 2. Paraan ng Pagparehistro ng Pagbabago ng Impormasyon sa Alien Registration

Kapag nagkaroon ng pagbabago sa mga nakatalang detalye ng iyong alien registration tulad ng tirahan, pangalan, nasyonalidad (citizenship), uri ng visa, tagal ng pananatili at pangalan at address ng lugar ng pinagtatrabahuhan, kailangan ninyo mismong iparehistro ang pagbabago sa tanggapan ng inyong munisipyo sa loob ng 14 na araw mula nang araw kung kailan nagbago ang impormasyon.




### 3. Proseso ng Pagkumpirma (pagpalit) ng Pagbabago



Matapos ang pagpaparehistro ng alien registration kada 5 taon (7 taon sa mga permanenteng residente), kailangang i-renew o ikumpirma itong muli sa inyong munisipyo kung saan nakatira. Ang mga may edad na wala pang 16 taong gulang ay hindi na kailangang dumaan saganitong proseso, subali't kailangan itong isagawa sa loob ng 30 araw bago ang kanilang 16 na kaarawan.

#### 4. Pag-aaplay ng Panibagong Alien Registration Card




Kapag nawala, ninakaw, o kaya'y nasira dahil sa sunog ang inyong alien registration card ay kinakailangang magsadya sa tanggapan ng inyong munisipyo sa loob ng 14 na araw upang mag-aaplay ng panibagong card. Kailangang dalhin ang pasaporte, dalawang (2) kopya ng litrato at mga dokumentong nagpapatunay ng pagkawala o pagkasira nito.



#### 5. Pag-aaplay para papalitan ang Alien Registration Card

Kapag napunit o sobrang nadumihan ang inyong Alien Registration Card ay mangyari lamang na mag-aaplay sa loob ng 14 na araw upang ito ay mapalitan.



## IV- 2 Proseso sa Pagtira sa Bansang Hapon

### 1. Re-entry Permit (Kung pansamantalang lalabas ng bansang Hapon)

Kung pansamantalang lalabas ng bansang Hapon na may balidong visa pa para sa pananatili, maaaring kumuha ng permiso sa muling pagpasok sa bansang Hapon (Re-entry Permit) upang muling makabalik o makapasok. Ito ay maaaring magamit sa loob ng hanggang tatlong taon (ngunit hindi maaaring lumampas sa panahon ng iyong visa sa pananatili). Ito ay may dalawang klase, maaaring permiso para sa isang beses lamang na muling pagpasok (single re-entry permit) at permiso para sa maraming beses na muling pagpasok (multiple re-entry permit). Para sa visa na “single entry” dito ay hindi pinahihintulatang gamitin ang permisong re-entry. Ang mga sumusunod ay ang mga kakailanganing papeles:

- ① **Aplikasyon para sa Re-entry Permit** - para sa muling pagpasok sa bansang Hapon (Makakakuha nito sa Re-entry Section ng Bureau of Immigration.)
- ② **Sertipikasyon ng Alien Registration Card (IV-1)**
- ③ **Pasaporte**
- ④ **Revenue stamp** (Syuunyu Inshi) na nagkakahalagang 3,000 yen (permiso para sa isang beses - single)
- ⑤ **Revenue stamp** (Syuunyu Inshi) na nagkakahalagang 6,000 yen (permiso para sa maraming beses - multiple)

Ang “Re-entry Permit” ay karaniwang nakukuha agad sa araw ng pag-aaplay. Maaaring mag-aplay sa Osaka Regional Immigration Bureau.

### 2. Ekstensyon ng Pananatili

Ang permisong ibinigay sa iyo para manatili dito sa bansang Hapon ay may hangganan. Kung nais ipagpatuloy o pahabain ang panahon ng pananatili, kinakailangang mag-aplay at makakuha ng permiso. Ang pag-aaplay sa permisong ito ay maaaring gawin sa loob ng dalawang buwan bago matapos ang bisa. Ang mga sumusunod ay ang mga kakailanganing papeles:

- ① Application form (makakakuha nito sa Regional Immigration Bureau)
- ② Pasaporte
- ③ Alien Registration Card
- ④ Dokumentong magpapatunay sa iyong mga naging aktibidades (activities/itinerary) at mga magiging aktibidades sa iyong pananatili. (Makabubuting sumangguni sa Osaka Alien Residency Comprehensive Information Center (⇒ IV-3) ukol sa mga papeles na dapat ihanda dahil naiiba ang mga ito ayon sa istatus ng bisa. Sa mga nakapag-aplay na sa pag-renew o pagbago ng bisa ng kanilang panahon ng pananatili, bilang batayan, katulad din ng mga ipinasang mga papeles ang kakailanganin.)
- ⑤ Dokumentong magpapatunay sa iyong kakayahan sa gastos sa pamumuhay at aktibidades dito sa bansang Hapon tulad halimbawa ng Sertipiko ng Empleyo (Certificate of Employment) at Sertipiko ng Bayad sa Buwis o tax affidavit

Malalaman lamang kung ikaw ay maaaring bigyan ng permiso o hindi, matapos suriin ang mga papeles na ipinasa sa Imigrasyon. Sa pag-aaplay, tatatakan ang pasaporte na may nakasulat na “kasalukuyang nag-aaplay ng permiso”. Mangyari lamang na mag-ingat dahil ang diborsyo ay maaaring makaimpluensiya sa iyong istatus ng bisa. Maaaring mag-aplay sa Osaka Regional Immigration Bureau Central Office.

### 3. Pagbabago ng Permiso sa Pananatili (Change of Status of Residence)

Kung ang kasalukuyang ipinagkaloob sa iyong permiso sa pananatili (status of residence) ay hindi angkop sa iyong mga gawain at gusto mong gawin ang naaangkop sa iyo ay maaaring mag-aplay sa pagbabago ng permiso ng pananatili (change of status of residence). Kahit hindi na lumabas pa ng bansang Hapon ay may sistemang maaaring baguhin ng ibang uri ang permiso ng pananatili. Mangyari lamang na magkaroon ng sapat na panahon sa pag-aaplay

bago pa man mawalan ng pahintulot ang inyong pananatili.


Ang mga dokumentong kailangang isumite sa pagbabago ng permiso sa pananatili (change of status of residence) ay maaaring maiba kaysa sa mga dating dokumento sa lumang permiso. Mangyari lamang na humingi ng kaukulang impormasyon hinggil dito sa Osaka Alien Residency Comprehensive Information, maaari din malaman ang mga kaukulang impormasyon sa homepage ng Immigration Bureau. <http://www.moj.go.jp/ON/LINE /IMMIGRATION/ZAIRYU HENKO/zairyu henko10.html> (salitang Hapon lamang)

#### **4. Permiso sa mga gawaing hindi saklaw sa ipinagkaloob na Permiso**


Kung ikaw ay walang pahintulot na nagtatrabaho ayon sa iyong permiso sa pananatili (visa), ito ay magiging ilegal na pagtatrabaho (Illegal Employment). Halimbawa, ang mga dayuhang mag-aaral na mag pa part-time job ay kailangang humingi ng permiso para dito kung kaya't bago mag simulang mag part-time job ay mangyari lamang na humingi muna ng permiso sa Bureau of Immigration Office.

Mga Kailangang Dokumento:

- Application form para sa pahintulot para sa gawaing hindi sakop sa ipagkaloob na permiso (bisa).
- Alien Registration Certificate
- Pasaporte
- Dokumentong malinaw na nagsasaad at magpapatunay ng layon at gagawin.



## IV-3 Pagpapakasal o Pag-aasawa



## 1. Pagpapakasal ng dayuhan sa isang Hapones

Kapag magpapakasal ang kapwa Hapon ay ipinagbibigay alam ito sa munisipyong kanilang kinabibilangan. Kailangan lamang ang pagtupad ng isang mamamayang Hapon ng mga kundisyon sa pagpapakasal na nakasaad sa batas ng bansang Hapon. Ang mga Dayuhan man ay nararapat ding sundin ang mga kundisyon ng pagpapakasal ayon sa batas ng sariling bansa. Ang mga sumusunod ay ang mga kakailanganing papeles:

- ① Alien Registration Card
- ② Pasaporte
- ③ Sertipiko ng Kakayahan sa Pagpapakasal (Kon-in Yoken Gubi Shomeisho) o isang dokumentong katumbas nito na inisyu ng Embahada o Konsulado ng inyong bansa. (Kung hindi nakasulat sa wikang-Hapon ay kinakailangang isama ang sertipiko na isinalin sa wikang Hapon at nakasulat dito ang pangalan, tirahan, at may tatak o hanko ng tagapagsalin.)
- ④ Pagpaparehistro ng Pag-aasawa o Kon-intodoke (Makakakuha nito sa mga tanggapan ng munisipyo. Kinakailangan ang pirma o hanko ng dalawang tao na may edad na mahigit 20 taong gulang bilang mga saksi. Sa pagpapasa o pagsasabmit kinakailangang nakasulat sa wikang-Hapon ang mga hinihinging impormasyon.)
- ⑤ Kopya o buod ng family register (Koseki) ng magiging asawa (Hapon/Haponesa)
- ⑥ Kung ang pagpapakasal sa bansang Hapon ay kinilala at may bisa, kinakailangang ipaalam ito at irehistro sa sariling bansa kung kaya't kinakailangang humingi ng katibayan ng pagpaparehistro sa munisipyo kung saan nagpatala (Kon-in Juri Shoumeishou). May kaibahan ang mga kundisyon ng bawa't bansa sa pag proseso nito kung kaya't sumangguni sa Embahada o Konsulado ng inyong bansa. Ang pagpapakasal sa bansang Hapon ay kinikilala at may bisa mula sa araw ng pagpaparehistro.

## 2. Pag-aasawa ng dayuhan sa kapwa dayuhan sa bansang Hapon

Ang magkasintahang parehong hindi Hapon ang nasyonalidad o bansang kinabibilangan ay maaaring makasal sa ilalim ng batas ng Hapon ayon sa mga itinakdang kondisyon. Gayon pa man, alalahanin na ang kasalang magaganap ay maaaring hindi balido o walang saysay sa kani-kanilang bansang kinabibilangan sa darating na panahon. Tungkol sa pag paparehistro ng kasal ay mangyari lamang na kumunsulta sa kani-kanilang embahada o konsulada gayundin sa tanggapan ng munisipyong inyong kinabibilangan. (IX-5 84 page)

## 3. Ang Pagpapalit o Pagbabago ng Istatus ng Visa

Sa pag-aasawa ng isang dayuhan sa isang mamamayang Hapon, may mga pagkakataon na maaaring hilingin ang pagpapalit o pagbabago ng istatus ng visa. Maging ang pag-aasawa rin ng kapwa dayuhan ay may pagkakataon rin na maaaring humiling ng pagpapalit o pagbabago ng istatus ng visa. Para sa detalye sumangguni sa Osaka Alien Residency Comprehensive Information Center (IX-2 73 page)

## 4. Pagbabago ng mga Impormasyon sa Alien Registration

Kung may binago sa personal na impormasyon dahil sa pag-aasawa tulad ng pangalan, tirahan atbp, kailangang ipagbigay-alam ito sa Alien Registration Section ng munisipyo ng iyong kinabibilangan.


## 5. Mga iba pang Pagbabago

Kapag nag-asawa ay maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa inyong buwis, pensiyon, health insurance at tinatanggap na sahod. Makipag-ugnayan lamang sa inyong pinapasukang kumpanya hinggil dito.

## IV-4 Paghihiwalay o Diborsiyo

Ang proseso ng paghihiwalay o diborsiyo ay madals komplikado. Dapat alalahanin na kahit napaghiwalay na kayo bilang mag-asawa ayon sa batas ng bansang Hapon, ito ay maaaring maging walang saysay o bisa para sa inyong sariling bansa.

Ito ay pangkalahatang impormasyon para sa proseso ng pag-aaplay ng diborsiyo alinsunod sa batas ng bansang Hapon.



### **1. Kung balak mag-diborsiyo:**

Kung alin man sa mag-asawa ay isang Hapones na naninirahan sa bansang Hapon, at pareho silang nagnanais na magkaroon ng diborsiyo, ang kanilang diborsiyo ay sasailalim sa batas ng bansang Hapon. Ang sistema ng “divorce by mutual consent”kung saan nagkakasundo ang mag-asawa na mag-diborsiyo ay tinatanggap at legal dito sa bansang Hapon. Ang “Mediated Divorce”, “Judicial Divorce”at “Adjudicated Divorce” ay dumadaan sa family court. Kung magkakaroon ng diborsiyo sa bansang Hapon at hindi ito ipapaalam sa bansa ng asawang dayuhan, maaaring hindi ito magkabisa sa nasabing bansa. Dapat na gumawa din ng panibagong hakbang para magkaroon ng bisa ang diborsiyo sa sariling bansa ng dayuhan.

### **2. Kung hindi papayag makipag-diborsiyo:**

Kung ang isang dayuhan ay pinipilit makipag-diborsiyo ng isang Hapones at labag ito sa kanyang kalooban, maaari pa rin magkaroon ng diborsiyo kung magsusumite ng katibayan ang Hapones na natanggap ng dayuhan ang notisya ng diborsiyo. Para mapigilan ito, kailangang magsumite ang dayuhan ng kahilingan na pag-ayaw sa diborsiyo sa munispyo kung nasaan ang family register ng Hapones na asawa o tirahan nito. Kapag naipasa na ang kahilingang ito, hindi na pahihintulitan ang diborsiyo. Hindi nito saklaw ang mag-asawa na parehong dayuhan.

### **3. Residence Status pagkatapos ng Diborsiyo**

Kung ikaw ay isang dayuhan na nakatira sa bansang Hapon at asawa ng isang Hapones, mawawala ang iyong residence status kapag naaprubahan ang diborsiyo. Ito rin ang patakaran sa mga dayuhang mag-asawa na naninirahan sa bansang Hapon at may status na Dependent.

Kung hindi magpapalit ng status matapos ang diborsiyo, hindi na maaaring tumira sa bansang Hapon. Sa mga ganitong pangyayari, agad na kumunsulta sa opisina sa inyong munisipyo o sa Alien Residency Comprehensive Information Center sa Osaka (Apendise IX-2 73).

### **4. Pagpalit ng Impormasyon sa Alien Registration:**

Kun ikaw ay magpapalit ng pangalan, address o anumang personal na impormasyon dahil sa diborsiyo, dapat magsumite ng notisya ng pagpapalit sa Alien Registration Desk sa inyong munisipyo. (Apendise IX-1 64)

## IV-5 Pagkamatay

### 1. Pagbibigay Alam ng Pagkamatay (Death Notification)

Kapag ang isang dayuhan ay namatay sa bansang Hapon, ang mga kailangang papeles ay tulad din ng mga mamamayang Hapon. Ang notisya ng pagkamatay ay kinakailangang ipagbigay alam sa munisipyong kinabibilangan. Ang pagbibigay-alam ay kinakailangang gawin sa loob ng pitong (7) araw mula sa araw na mapatunayan o mapagtibay ang pagkamatay.

Sa bansang Hapon, ang pagpapatunay sa kamatayan o death confirmation kahit na gaano pa kalinaw, ay dapat manggaling sa isang lisensiyadong doktor o medical examiner (Kansatsui) na siyang tanging makakapagpatunay nito.



Pagkatapos suriin at mapatunayan ng doktor ang pagkamatay ng pasyente ay nararapat na magpagawa ng death certificate (Sibou Sindan Syo) at ang sertipiko o nasabing papeles ay dapat ipakita o isumite sa tanggapan ng kinauukulan sa munispyo kung saan namatay o kaya'y munisipyong kinabibilangan. Maliban sa Death Certificate ay kasama ring ibabalik ang Alien Registration Certificate ng namatay sa institusyong pampamahalaan ng munispyo upang burahin o alisin ang pangalan nito. May mga proseso ring dapat gawin sa bansa ng namatay, magkaiba ang prosesong ito sa bawat bansa, may mga bansa na hindi madali ang pagsasaayos ng mga kaukulang papeles kung kaya't mangyari lamang na makipag-ugnayan sa Embahada o Konsuladong nasa bansang Hapon hinggil sa prosesong ito.

### 2. Paglilibing

Dahil sa malaki ang populasyon ng Osaka Prefecture ay masyado nang masikip at halos wala nang mga sementeryong tumatangap sa paglilibing. Kunsultahin ang konsulado ng namatay upang malaman kung hindi puwedeng sunugin (cremate) ang mga labi ng namatay dahil labag ito sa kanyang relihiyon at kaugalian. Tungkol sa paghahanap ng sementeryong pandayuhan o kaya'y sa mga nagnanais ipalibing ang bangkay sa sariling bayan ay kumonsulta lamang sa kinauukulang konsulado ng namatay.